Tungkol sa Kuwento:

Ang kuwentong pambatang ito ay naglalayong ituro sa mga batang mambabasa ang halaga ng mga bantas (punctuation marks) sa mga nakasulat na komunikasyon o pahayag. Tampok sa kuwento ang pagmamaliit ng mga pangunahing bantas sa inaakala nilang dumi o walang-halagang marka, ang kuwit. Pinatunayan ng grupo ng kuwit na may halaga sila sa isang pahayag o talata. Gayundin, ipinamalas nila ang pagkamalikhain nang makalikha sila ng mga marikit na imahen dulot ng kanilang pagsasama-sama. Rekomendado ito sa mga mag-aaral mula grado 1-4.

# Ang Singsing-Pari sa Pisara

Kumiriring ang bell. Nagmamadaling lumabas ang mga bata para sa kanilang recess, bitbit ang kanilang bag ng mga pagkain. Samantala, may naiwang mga nakasulat sa pisara. Pagkalabas na pagkalabas ng guro, hanggang wala nang naiwang bata sa silid-aralan, ay naghagikgikan at naggitgitan ang sari-saring mga bantas.

Naghabulan sina Tuldok at ang kambal na sina Panipi. Naglambitin naman si Tutuldok sa mga titik at hinihipang parang pulboron ni Gitling ang alikabok ng tisa. Napikon naman si Tandang Pananong nang napahiyaw sa gulat si Tandang Padamdam sa pagkikilitian ng mga bulilit na Kuwit.

Nang mapagod na sa kakalaro ang mga bantas. Nag-umpukan sila sa gitna ng pisara at nagbidahan.

“Bakit lahat ng mga pahayag mo’y sinusunod, Tandang Padamdam?” usisa ni Tandang Pananong.

“Baka naman dinadaan sa gulat,” sabat ni Gitling, na sumunod ding nagpasiklab. “Pinagtatambal ko ang dalawang salita para magkaroon ito ng bagong kahulugan.  Pitik-bulag, lipat-bahay, kapit-bisig, bukang-liwayway. Pinagdidikit ko ang magkatulad na salita para lumikha ng bagong salita. Paru-paro, salu-salo, halu-halo, ulu-ulo.”

“Bakit ikaw, Tandang Pananong, lahat ng iyong sinabi ay hinahabol ng tugon?” pagtataka ng kambal na Panipi na yakap-yakap ang mga ginintuang aral mula sa dakilang aklat.

Biglang namangha at namilog ang mga mata ng mga bantas nang makita ang tangay-tangay na salawikain ng kambal na Panipi: “Ang hindi magmahal sa sariling wika ay daig pa ang malansang isda.”

Gumulong sa kakabungisngis si Tutuldok hanggang sa siya naman ang napansin ng iba pang bantas. Kitang-kitang tangay-tangay niya ang sari-saring pangalan na siyang inilista ng guro kanina. May pangalan ng mga prutas, ng mga bulaklak. May pangalan ng mga halaman, ng mga hayop.

Agad namang napaubo si Tuldok at tumayo sa harapan ng mga kasama. “ Hay naku, pagod na pagod ako. Ang dami kong binuong mga pahayag. Ang dami kong tinapos na salaysay. Sunod-sunod rin ang winakasan kong mga pangungusap. Bida yata ako sa bawat saknong, sa bawat talata.”

Napaismid si Tandang Pananong sa pagyayabang ni Tuldok. Napansin niyang tahimik na kinakalabit ng mga Kuwit ang mga namamahingang titik.

“Hoy, mga Kuwit! Kayo ba’y sadyang makulit?” taas-kilay na paninita ni Tandang Pananong.

“Hayaang umidlip ang mga titik!” singhal ni Tandang Padamdam.

Nagbulung-bulungan sina Tutuldok at Panipi. Tinitigan nila mula ulo hanggang paa sina Kuwit. Lumapit sila kay Tandang Pananong, waring may sasabihing lihim.

Pagkaraan, tumalas ang tingin ni Tandang Pananong sa nagkakasiyahang mga kuwit. Pinaswitan niya ang mga ito at saka hinarap. “Ano ba ang ginagawa ninyo sa maghapon? Ano ang inyong silbi sa mga pangungusap? Aksaya ba kayo ng mga chalk? Dumi lang ba kayo ng pisara?”

Nagitla ang mga Kuwit sa paratang ng matanda. Pakiramdam nila, iniipit sila ng mga dambuhalang titik at itinutulak sila ng iba pang mga bantas papalayo ng pisara.

“Ilahad, ngayon din, ang inyong mga silbi,” halos hiyaw ni Tandang Padamdam.

Nagkumpulan ang mga kuwit at nagniningning ang kanilang mga mata na parang mga bituin. Pumagitna sila sa umpukan at sabayang nagwika:

“Kung wala kami, magbabanggaan ang mga titik. Magkakabundulan ang mga salita hanggang magkabuhol-buhol ang pangungusap. Kakapusin ng hininga ang mga batang bibigkas. Mabubulol sila at malilito ang guro. Iyan ang aming halaga sa balat ng pisara.”

Napairap si Tuldok sa winika ng mga kuwit. “Wala kayong galang. Natuto na kayong magyabang. Hamak lamang kayong mga kuwit. Isang maikling guhit sa gitna ng pangungusap.”

“Nararapat kayong manatili sa gilid! Doon kayo nababagay.” Nagdadabog na winika ni Tandang Padamdam.

Nangingilid ang luhang nilisan ng mga kuwit ang umpukan. Hindi na nila nakuha pang magpaalam sa mga pinagsisilbihan nilang mga titik.

Sa gilid ng pisara, malungkot na pinagmamasadan ng mga kuwit ang kasiyahan ng ibang bantas.  Nakapangalumbaba sila habang tuloy pa ring nagpapaligsahan ang dating mga kasama. Halos magbuntalan pa nga sina Tuldok at Tandang Pananong nang magsalubong ito sa isang talata.

Isang batang kuwit, na inip na inip sa gilid, ang dumungaw sa labas ng silid-aralan. Siya’y si Walastik. Minasid niya ang mga batang mag-aaral na naghahabulan, nagtataguan, nagpapadulas, sumasakay ng duyan, umaakyat ng punong mangga sa may playground.

Waring may kumidlat sa isip ni Walastik. Pinag-aralan niya ang bawat laro at galaw ng mga bata. Kinabisa ng batang kuwit ang kilos ng mga paa, braso, kamay at daliri. *Kay sasaya nila!* sabi niya sa sarili.

Pagkaraan, pinulong niya ang iba pang kuwit at hinimok na maglaro. Itinuro niya ang mga larong kaniyang napagmasdan.

Naghawak-hawak ng kanilang mga kamay ang isang grupo ng mga kuwit at bumuo ng malaking bilog. Pinalalaki nila ang bilog at pinaliliit. Sabay-sabay nilang inawit ang:

*Sasara ang bulaklak, bubuka ang bulaklak.*

*Daan ang reyna, pakembot-kembot pa.*

*Boom-tiyaya-boom-tiyaya-boom-tiyaya-yey!*

Nagpalakpakan sila sa kanilang ginawa at nawiwili sa kakakembot hanggang napasayaw.

Ang isang pangkat naman ay pumili ng magkapareha upang lumikha ng bakod gamit ang kanilang kamay at daliri. Ito ang pagluluksuhan ng iba pang mga kalarong kuwit. Inisip nilang mga tinik ang mga daliri iyon kaya dapat luksuhan at hindi masagi ng mga binti. Lumulundag ang kanilang mga dibdib sa bagong natutunang laro.

Pumila naman ang isang grupo hanggang makabuo ng mahabang linya. Sabay-sabay silang humakbang. Kanan, kaliwa. Kaliwa, kanan. Paatras, pasulong. *Tsoo-tsoo! Tsoog-tsoog-tsoog-tsoog-tsoog!* Naghagalpakan sila sa pag-aakalang tren silang naglalakbay patungong nayon.

May mga kuwit naman na naghawakan ng kamay habang patakbu-takbo sa kanilang bagong pisara. May nagbunung-braso, may pabirong nag-umpugan, may nagkargahan at umakay sa likod ng mga matitipunong kuwit.

Hindi namalayan ng mga kuwit, na sa mga larong ikinatuwa nila, napaligiran nila ng kakaibang mga hugis at anyo ang gilid ng pisara. May mga hugis ng gumamela, pugita, at parol sa kanilang pagbuo ng mga bilog.

May mga hugis ng higad at singsing-pari sa pagbuo nila ng mahahaba at maiikling tren.

May mga hugis ng labing nakangiti, puso, gagamba, at langgam sa paglalaro nila ng luksong-tinik at paghahawak-kamay.

Nabigla sina Gitling, ang kambal na Panipi, Tutuldok, Tuldok, Tandang Padamdam, at Tandang Pananong sa mga banyagang hugis. Ngayon lamang sila nakakita ng mga ganoong anyo sa pisara.

“Dayuhang bantas kaya ang mga ito o mga titik ng lumang alpabeto?” pagtataka ni Tandang Padamdam.

Kaya, unti-unti nilang nilapitan ang mga banyaga. Sinilip nila ang mga ito habang naglalaro, naghahawak-kamay, nagluluksuhan, nagtatakbuhan, at pumipila. Laking gulat nila nang matuklasan ang pagkabantas ng mga banyaga. Walang iba kundi ang mga makukulit na kuwit!

“Nag-aaksaya lamang sila. Hindi kaya magalit si Tisa?” pangungutya ni Tandang Pananong.

“Wala na ngang pakinabang, nagdudumi pa sa pisara!” hiyaw ni Tandang Padamdam.

Hinakot ng kambal na Panipi ang isang sipi sa pisara at saka nagwika, “Huwag magkalat. Ang kalinisan ay kabanalan.”

Matalim naman ang titig ni Tuldok sa mga kuwit. “Tapusin na natin ang usapang ito.”

Bago pa man sugurin ng mga bantas ang malilikot at makukulit na kuwit, kumalembang ang kampanilya ng paaralan. Dumagundong ang sahig sa padyak at talon ng mga bata. Umalingawngaw sa pasilyo ang taguktok ng sapatos ng mga maestra.

Gumulantang sa isang bata ang mga kakaibang disenyo sa gilid ng pisara. *May singsing pari sa pisara!* naibulong niya sa kaniyang sarili.

Ilang sandali pa, bumalik na rin sa silid ang kaniyang mga kamag-aral at guro. Maging sila ay nabulaga sa nakita sa pisara. *May singsing pari sa pisara! May singsing pari sa pisara!*

Nilapitan nila ang mga kakaibang hugis. Hinangaan nila ang disenyong nagagawa ng mga kuwit.

“Bakit nga naman hindi?” wika ng guro. “Mga bata, maupo na kayo at mayroon tayong tanging gawain ngayong umaga.”

Inilabas ng mga bata ang kanilang mga papel at pangkulay. Gumuhit sila ng iba pang mga larawan gamit ang hugis ng mga kuwit. Tuwang-tuwang ang lahat sa gawain na halos walang nag-iingay at hindi inaalala ang uwian.

Kumiriring ang bell at sari-saring larawan ang nalikha ng mga bata. Namangha ang guro sa mga guhit ng kaniyang mga mag-aaral. Mayroong spaceship, gusali, eroplano, puno, bahay, paru-paro, bituin, at ulap.

Kinabukasan, nakapaskil sa bulletin board ng klase ang pinakamagagandang larawan yari sa kuwit. Ngayon lang nagkaroon ng kakaibang sigla ang silid na iyon. Parang gumagalaw ang mga larawang nakapaskil.

Sa pisara, habang may binabasang aklat ang guro at ang mga mag-aaral, nagbulungan ang iba pang mga bantas. Halos mautal si Tutuldok sa pagbanggit ng mga hugis na nalikha ng mga kuwit.

“Kagila-gilalas! Tunay na kagila-gilalas!” bulalas ni Tandang Padamdam.

“Totoo ba ang aking nakikita?” pagtataka ni Tandang Pananong. “Paano nangyari iyon?”

Wala namang nasabi ang kasama nilang si Tuldok kundi, “Wala na akong masabi.”

Ilang taon na ang nakalipas, ang batang nakakita ng singsing-pari sa pisara ay itinanghal na isa sa pinakamahusay na makata ng bansa. Ginamit niya ang mga kuwit sa bawat salita ng kaniyang tula. Nagmistulang higad ang mga taludtod ng kaniyang tula.

At ang kuwit na si Walastik? Hayun at mahiyain kapag kaharap ng mga mambabasa. Ngunit ikinuwadro siya ng makata sa isang tula.

Biruin n`yo, iisang kuwit ang naging bida sa tula.

Kagila-gilalas pero totoo!